

Disyembre 10, 2021
Tagapagpaganap 2021-32

Kautusang

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-32
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 96)

SAPAGKAT, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1,884,700, at kumitil ng buhay ng higit sa 26,800 na mga residente; at,

SAPAGKAT, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

SAPAGKAT, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, ang Delta variant ng coronavirus ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga strain nito, at nagdudulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng virus; at,

SAPAGKAT, ang Delta variant ay maaaring maging sanhi ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang strain ng virus; at,

SAPAGKAT, tinantya ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang Delta variant ngayon ay bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng lahat ng mga sequenced coronavirus sa U.S.; at,

SAPAGKAT, ang Omicron variant ay inuri bilang isang variant na dapat ikabahala na nagbunsod sa mga eksperto sa pampublikong kalusugan na bigyang-diin ang kahalagahan ng mga mitigasyon at pag-iingat sa Covid-19; at,

SAPAGKAT, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi pa ganap na nabakunahan at hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na ang mga telang pantakip sa mukha o mga maskara ay pinoprotektahan ang mga taong hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19; at,

SAPAGKAT, nagpapayo ang CDC na sundin ng mga paaralan ang patnubay ng CDC para sa Pag-iwas ng COVID-19 sa mga Paaralang K-12 na nagrerekomenda ng unibersal na pagsusuot ng mask at pakikipagtulungan sa mga lokal na opisyal ng pampublikong kalusugan upang matukoy ang mga estratehiya sa pag-iwas na kinakailangan sa kanilang lugar; at,

SAPAGKAT, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na gumamit ang mga day care providers ng mga pamamaraan sa pag-iwas ng COVID-19, kabilang ang pagsusuot ng mask at pisikal na pagdidistansya, kahit na nabakunahan ang mga day care providers at ang kanilang mga tauhan; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng virus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

SAPAGKAT, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 26,800 na mga taga-Illinois at negatibong pinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na itinutuon ang kanilang limitadong pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na tugon sa pandemya ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, ang pandemya ng COVID-19 ay naging dahilan upang ang Kagawaran ng Agrikultura ng Illinois (IDOA, para sa akronim nito sa Ingles) na tugunan ang epekto ng paglaganap nito sa supply chain ng pagkain ng Estado sa pamamagitan ng regulasyon at pangangasiwa ng mga pasilidad sa karne at manukan at pasilidad sa pamamahala ng mga hayop; at,

SAPAGKAT, ang pagkagambala ng pandemya ng COVID-19 sa merkado ng hayop ay naging daan upang ituon ng IDOA ang mga pinagkukunang-yaman nito sa pakikipagtulungan sa mga may-ari at mga prodyuser ng hayop sa pagtugon sa mga alalahanin sa ligtas at pangkalikasang pagtatapon ng hayop sa pamamagitan ng pangangasiwa at regulasyon nito ng Dead Animal Disposal Act; at

SAPAGKAT, kinokontrol at sinisiyasat ng IDOA ang iba pang mga industriyang direktang naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga applicator ng pestisidyo, mga silungan ng hayop, mga tindahan ng alagang hayop, at mga istasyon ng gasolina, at ang patuloy at maayos na regulasyon ng mga industriyang ito ay nangangailangan na ang IDOA ay maglagak ng karagdagang oras at mga pinagkukunang-yaman sa paglikha ng mga bagong pamamaraan para sa pagsasagawa ng mga malalayong pagsisiyasat at pagsasanay; at,

SAPAGKAT, ang nakakapinsalang epekto ng pandemya ng COVID-19 sa mga industriyang kinokontrol ng IDOA ang nag-atas sa IDOA na maglaan ng karagdagang oras at mga pinagkukunang-yaman sa pag-oorganisa at pamamahala ng napapanahong pagpapatupad ng Business Interruption Grant Program; at,

SAPAGKAT, noong Disyembre 10, 2021, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, bilang tugon sa emerhensiyang epidemya at emerhensiya ng pampublikong kalusugan na inilarawan sa itaas, nakita ko na kinakailangang muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-04, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-20, 2020-21, 2020-23,

2020-24, 2020-27, 2020-30, 2020-36, 2020-40, 2020-45, 2020-50, 2020-68, 2021-03, 2021-12, 2021-18, 2021-22, 2021-24, 2021-25, 2021-28, at 2021-31 at isama ang mga SAPAGKAT na mga sugnay ng mga Kautusang Tagapagpaganap;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan ng mga batas sa pampublikong kalusugan, iniutos ko ang mga sumusunod, simula Disyembre 10, 2021:

Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-04, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-20, 2020-21, 2020-23, 2020-24, 2020-27, 2020-30, 2020-36, 2020-40, 2020-45, 2020-50, 2020-68, 2021-03, 2021-12, 2021-18, 2021-22, 2021-24, 2021-25, 2021-28, at 2021-31 ay muling inilabas bilang mga sumusunod:

Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 (Pagwawaksi ng sick leave requirement para sa mga empleyado ng Estado):

Ang Seksyon 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):

Ang mga Seksyon 9 at 10 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-15, ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 (Panahon ng Abiso ng Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga pagsusuri sa pinanggalingan ng mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan; panahon ng abiso ng Kagawaran ng Hustisya para sa Kabataan ng Illinois):

Ang Seksyon 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 (Pagsuspinde sa mga probisyon ng Illinois School Code):

Ang mga Seksyon 5, 6, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangan sa tulong publiko):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 (Pamamahinga ng mga bilanggo sa Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Kagawaran ng Pinansiyal at Regulasyon sa Propesyon ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na nakikibahagi sa pagtugon sa kalamidad):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 (Programa sa Porensikong Paggamot ng Kagawaran ng Pantaong Serbisyo ng Illinois):

Ang mga Seksyon 1 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 (Mga bangkay na nagpositibo sa COVID-19):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 (Mga walang bisa na dokumento ng consular identification; elektronikong pag-file para sa Komisyon ng Karapatang Pantaong Illinois):

Ang mga Seksyon 1, 4, 5, at 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 (Lisensya ng kasal):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 (Batas sa Pagtrabaho ng Bata):

Ang mga Seksyon 2 at 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 ay muling inilabas at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 (Mga lisensya sa Cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 ay muling inilabas sa kabuuan nito at manatiling may bisa tulad ng tinukoy sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-45.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 (Pagpapatuloy sa mga paglilipat mula sa mga kulungan sa probinsiya papunta sa Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-68 (Pagpapabago ng kard sa pagpapatala ng cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-68, na sinususugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-05, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 (Mga panrehiyong panukat ng pagpapagaan):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-12 (Ikalimang Yugto ng muling pagbubukas):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-12, na sinususugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-15, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-18 (Mga hakbang sa mitigasyon):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-18, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-19, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-22 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-22, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-23 at Kautusang Tagapagpaganap 2021-27, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-24 (Pagbubukod ng paaralan):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-24, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-25, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-25 (Pagsususog sa Kautusang Tagapagpaganap 2021-24):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-25 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-28 (Mga kinakailangan sa pagbabakuna at pagsusuri para sa day care):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-28, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2021-30, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 (Mga kinakailangan sa pagsususpende para sa mga social worker):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-31 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawig hanggang **Enero 8, 2022**.

Bahagi 2: Pangligtas na Sugnay. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Disyembre 10, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Disyembre 10, 2021